



2025 na Mga Halaga ng Medicare

Mga Gastos sa Medicare Part A (Pang-ospital na Insurance)

Buwanang premium:

- **\$0 sa karamihan ng mga tao** (dahil sila o ang asawa ay nagbayad ng mga buwis ng Medicare ng sapat na tagal habang nagtatrabaho - sa pangkalahatan at 10 taon man lang). Kung makakuha ka ng Medicare nang mas maaga sa 65 taong gulang, hindi ka magbabayad ng Part A premium. Minsan ito ay tinatawag na “walang premium na Part A.”
- **Kung hindi ka kuwalipikado para sa walang premium na Part A**, maaaring mabili mo ito. Bawat buwan, magbabayad ka ng premium ng alinman sa:
 - **\$285** kung nagbayad ka ng mga buwis sa Medicare para sa 30–39 quarter ng trabaho
 - **\$518** kung nagbayad ka ng mga buwis sa Medicare nang mas mababa sa 30 quarter ng trabaho

Multa sa nahuling pag-enroll sa Part A: Kapag hindi mo ito binili kapag una ka naging nararapa para sa Medicare (karaniwan kapag naging 65 taong gulang ka na), ang buwanang premium mo ay maaaring tumaas ng 10%. Kailangan mong bayaran ang multa para sa doble ng bilang ng taon na hindi ka nagpatala.

Mga gastos sa Part A kung mayroon kang Orihinal na Medicare

Gastos	Magbabayad ka ng
Makakaltas ng Part A	\$1,676 para sa bawat panahon ng benepisyo sa ospital ng inpatient, bago magsimulang magbayad ang Orihinal na Medicare. Walang limitasyon sa bilang ng mga panahon ng benepisyo na maaaring magkaroon ka sa isang taon. Nangangahulugan ito na maaaring magbayad ka ng makakaltas nang mahigit sa minsan sa isang taon.
Inpatient na Pananatili sa Ospital	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Araw 1–60: \$0 pagkatapos mong payaran ang iyong makakaltas sa Part A. ▪ Araw 61–90: \$419 sa bawa’t araw. ▪ Makalipas ang araw 90: \$838 bawat araw gamit ang iyong 60 na araw na nakareserba sa buong buhay. ▪ Makalipas ang araw 150: Babayaran mo ang lahat ng gastusin.

Gastos	Magbabayad ka ng
	TANDAAN: Babayaran mo ang private-duty nursing, telebisyon o telepono sa iyong kwarto (kung may hiwalay na singil para sa mga bagay na ito), bagay sa personal na pangangalaga (mga pang-ahit o medyas sa tsinelas), o isang pribadong silid, maliban kung medikal na kinakailangan.
Pananatili ng Inpatient para sa Kalusugan ng Pag-iisip	Kung ikaw ay isang inpatient sa general o psychiatric na ospital, magbabayad ka rin ng 20% ng inaprubahan ng Medicare na halaga para sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip na makukuha niyo mula sa ga tagapaglaan sa pananatili niyo. TANDAAN: Kung ikaw ay nakakakuha ng mga serbisyo sa saykayatrikong ospital, tandaan na babayaran lang ng Part A ang hanggang 190 araw ng mga inpatient na saykayatrikong pag-aalaga sa buong buhay mo.
Pananatili sa Pasilidad ng Dalubhasang Nurse	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Araw 1–20: \$0. ▪ Araw 21–100: \$209.50 sa bawat araw. ▪ Ika-101 na araw at higit pa: Babayaran mo ang lahat ng gastusin.
Pag-aalaga ng Kalusugan sa Tahanan	<ul style="list-style-type: none"> ▪ \$0 para sa mga nasasaklawang serbisyong pag-aalaga ng kalusugan sa tahanan. ▪ 20% ng inaprubahan ng Medicare na halaga para sa matitibay na medikal na kagamitan (DME) tulad ng mga wheelchair, walker, pang-ospital na kama, at mga ibang kagamitan.
Pag-aalaga sa Hospisyo	<ul style="list-style-type: none"> ▪ \$0 para sa mga nasasaklawang serbisyong pag-aalaga ng hospisyo. ▪ Isang copayment ng hanggang \$5 para sa bawat de-resetang gamot at ibang katulad na produkto para malunasan ang kirot at kontrolin ang sintomas habang nasa bahay ka. ▪ 5% ng halagang inaprubahan ng Medicare para sa pahinga sa pangangalaga ng pasyente. ▪ Hindi nasasaklawan ng Medicare ang kuwarta at paninirahan kapag nakakuha ka ng pag-aalaga sa hospisyo sa tahanan mo o ibang pasilidad kung saan ka nakatira (tulad ng nursing home).

TANDAAN: Sisingilin ang Orihinal na Medicare para sa iyong pangangalagang hospisyo, kahit na ika’y nasa isang Plano sa Medicare Advantage. Kapag nakakuha ka ng pangangalagang hospisyo, maaari pa ring saklawin ng iyong Plano sa Medicare Advantage ang mga serbisyong hindi bahagi ng iyong malubhang sakit o anumang mga kondisyong nauugnay sa iyong malubhang sakit. Para sa higit pa tungkol sa pangangalagang hospisyo at upang makahanap ng mga tagapaglaan na inaprubahan ng Medicare, kumontak sa iyong plano o bumisita sa [Medicare.gov/care-compare](https://www.medicare.gov/care-compare).

Mga Gastos sa Medicare Part B (Pang-medikal na Insurance)

Buwanang premium: Ang halaga ng standard Part B premium sa 2025 ay **\$185** (o mas mataas depende sa kita mo). Babayaran mo ang premium bawat buwan, kahit na hindi ka nakakakuha ng anumang mga serbisyong nasasaklawan ng Part B. Karamihan ng mga tao ay nagbabayad ng standard na halaga ng Part B premium. Kung ang binago mong inayos na kabuuang kita ayon sa naulat sa iyong Internal Revenue Service (IRS) tax return mula sa 2 taon ang nakalipas ay mas mataas sa partikular na halaga, maaari kang magbayad nng Income Related Monthly Adjustment Amount (IRMAA) tulad ng pinapakita sa pahina 4.

Multa sa late na pag-enroll: Sa karamihan ng mga kaso, kapag hindi ka nagpatala para sa Part B kapag una kang maging mararapat, kakailanganin mong magbayad ng multa sa nahuling pag-enroll sa kundisyon na mayroon kang Part B. Magbabayad ka ng ekstrang 10% para sa bawat taon na maaari kang magpatala para sa Part B, pero hindi. Maaari ka ring magbayad ng mas mataas na premium depende sa kita mo. Maaari kang maghintay hanggang sa Panahon ng Pangkalahatang Pag-enrol (mula Enero 1 hanggang Marso 31) upang magpalista sa Part B. Ang pagsasaklaw ay magsisimula sa buwan makalipas kang magpatala.

Mga gastos sa Part B kung mayroon kang Orihinal na Medicare

Gastos	Magbabayad ka ng
Taunang Makakaltas ng Part B	\$257 bago magsimulang magbayad ang Orihinal na Medicare. Babayaran mo ang makakaltas na ito minsan bawat taon.
Mga Pangkalahatang Gastos para sa Mga Serbisyo (coinsurance)	Karaniwan, 20% ng gastos para sa bawat serbisyong nasasaklawan ng Medicare o bagay matapos mong natugunan ang iyong makakaltas (at sa kundisyon na tinatanggap ng iyong doktot o tagapaglaan sa pag-aalaga sa kalusugan ang inaprubahan ng Medicare na halaga bilang buong bayad—tinatawag na “pagtanggap ng pagtatalaga”). Kung ang iyong doktor, tagapaglaan, o suplayer ay tumatanggap ng pagtatalaga: <ul style="list-style-type: none"> ▪ Maaaring mas mababa ang iyong mula-sa-bulsa na mga gastos. ▪ Sumasang-ayon sila na singilin ka lamang sa halagang mababawas sa Medicare at coinsurance at kadalasang naghihintay sa Medicare na magbayad ng bahagi nito bago hilingin sa iyo na bayaran ang iyong bahagi. ▪ Kailangan nilang direktang isumite ang iyong claim sa Medicare at hindi ka maaaring singilin para sa pagsusumite ng claim.
Mga Klinikal na Laboratoryong Serbisyo	\$0 para sa mga nasasaklawang serbisyo ng klinikal na laboratoryo.
Pag-aalaga ng Kalusugan sa Tahanan	<ul style="list-style-type: none"> ▪ \$0 para sa mga nasasaklawang serbisyong pag-aalaga ng kalusugan sa tahanan. ▪ 20% ng inaprubahan ng Medicare na halaga para DME (tulad ng mga wheelchair, walker, pang-ospital na kama, at mga ibang kagamitan).
Inpatient na Pananatili sa Ospital	20% ng halagang inaprubahan ng Medicare para sa karamihan ng mga serbisyo ng doktor habang ikaw ay inpatient sa ospital.
Outpatient na Pag-aalaga sa Kalusugan ng Pag-iisip	<ul style="list-style-type: none"> ▪ \$0 para sa iyong taunang screening sa depression. ▪ 20% ng halaga na inaprubahan ng Medicare para sa mga pagbisita sa iyong doktor o iba pang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan upang suriin o gamutin ang iyong kondisyon. ▪ Kung nakuha mo ang iyong mga serbisyo sa isang klinika ng outpatient sa ospital o departamento ng outpatient ng ospital, maaaring kailangan mong magbayad ng karagdagang copayment o halaga ng coinsurance sa ospital.
Bahagyang Pagkakaospital na Pag-aalaga sa Kalusugan ng Pag-iisip	Pagkatapos mong matugunan ang iyong Part B na makakaltas: <ul style="list-style-type: none"> ▪ 20% ng halaga na inaprubahan ng Medicare para sa bawat serbisyo na nakukuha mo mula sa isang doktor o ilang iba pang mga kwalipikadong propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip. ▪ Coinsurance para sa bawat araw ng bahagyang pagkakaospital na serbisyo na makukuha sa outpatient na setting ng ospital o pangkalusugan ng pag-iisip na center ng komunidad.
Outpatient na Pag-aalaga sa Ospital	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Karaniwan ay 20% ng inaprubahan ng Medicare na halaga para sa mga serbisyo ng doktor at ibang tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan. ▪ Magbabayad ka rin ng copayment sa ospital para sa bawat serbisyo na makukuha mo sa isang kalagayan bilang outpatient sa ospital (maliban sa ilang mga pang-iwas na serbisyo). Sa karamihan ng kaso, ang copayment mo ay hindi mas malaki sa halaga ng Part A na makakaltas sa pananatili sa ospital.

TANDAAN: Lahat ng mga Medicare Advantage Plan ay dapat sumaklaw sa mga serbisyong ito. Kung ikaw ay nasa Medicare Advantage Plan, iba-iba ang mga gastos ayon sa plano at maaaring mas mataas o mas mababa sa mga nasa Orihinal Medicare. Repasuhin ang “Katibayan ng Pagsasaklaw” mula sa plano mo.

Ipinapakita ng chart sa ibaba ang Part B na Kaugnay ng Kitang Buwanang Halaga ng Pag-aayos (Income Related Monthly Adjustment Amounts (IRMAA)). Ang IRMAA ay isang karagdagang singil na idinagdag sa premium mo. Ang mga kabuuang Part B premium para sa 2025 ay ipinapakita sa ibaba.

Kung ang katayuan mo sa pag-file at taunang kita sa 2023 ay

Mag-file ng iyong Individual Tax Return	Mag-file ng Joint Tax Return	Mag-file ng Kasal at Hiwalay na Tax Return	Babayaran Mo Bawat Buwan (sa 2025)
\$106,000 o mas mababa	\$212,000 o mas mababa	\$106,000 o mas mababa	\$185.00
Mas mataas sa \$106,000 hanggang sa \$133,000	Mas mataas sa \$212,000 hanggang sa \$266,000	Hindi angkop	\$259.00
Mas mataas sa \$133,000 hanggang sa \$167,000	Mas mataas sa \$266,000 hanggang sa \$334,000	Hindi angkop	\$370.00
Mas mataas sa \$167,000 hanggang sa \$200,000	Mas mataas sa \$334,000 hanggang sa \$400,000	Hindi angkop	\$480.90
Mas mataas sa \$200,000 at mas mababa sa \$500,000	Mas mataas sa \$400,000 at mas mababa sa \$750,000	Mas mataas sa \$106,000 at mas mababa sa \$394,000	\$591.90
\$500,000 o mas mataas	\$750,000 o mas mataas	\$394,000 o mas mataas	\$628.90

Part D (Pagsaklaw sa Gamot ng Medicare)

Mga makakaltas, copayment, at coinsurance - Ang halagang binabayad mo para sa mga Part D na makakaltas, copayment, at/o coinsurance ay iba-iba sa bawat plano. Maghanap ng mga partikular na gastos sa pagsasaklaw sa gamot ng Medicare sa [Medicare.gov/plan-compare](https://www.medicare.gov/plan-compare).

Part D base na premium ng benepisyaryo - \$36.78 (ginamit para alamin ang anumang halaga ng multa sa nahuling pag-enroll).

Part D na multa sa nahuling pag-enroll - Maaaring kailanganin mong magbayad ng multa sa nahuling pagpapatala kung mag-enroll ka anumang oras pagkatapos ng iyong Panahon ng Paunang Pagpapatala at mayroong isang yugto ng 63 o higit pang mga araw nang sunud-sunod kapag wala kang polisa sa gamot ng Medicare o iba pang creditable na polisa ng inireresetang gamot. Sa pangkalahatan kailangan mong bayaran ang multa na ito sa kundisyon na mayroon kang planong polisa ng Medicare. Ang gastos sa multa sa late na pag-enroll ay depende sa kung gaano katagal lang walang Part D o make-kreditong pagsasaklaw sa de-resetang gamot.

Sa kasalukuyan, Ang multa sa nahuling pag-enroll ay kinakalkula sa pamamagitan ng pag-multiply ng 1% ng “pambansang base na premium ng benepisyaryo” (\$36.78 sa 2025) sa ang dami ng buong, hindi nasasaklawang buwan na nararapat ka pero hindi sumali sa Medicare Prescription (Part D) at walang ibang makekreditong pagsaklaw sa de-resetang gamot. Ang panghuling halaga ay ira-round sa pinakamalapit na \$.10 at idinaragdag sa buwanan mong premium.

Ipinapakita ng chart sa ibaba ang Part D na Kaugnay ng Kitang Buwanang Halaga ng Pag-aayos (Income Related Monthly Adjustment Amounts (IRMAA)). Ang IRMMA ay ekstrang halaga na maaaring kailanganin mong bayaran para sa iyong pagsasaklaw sa gamot ng Medicare. Ang halaga ay depende sa kita mo tulad ng naulat sa iyong IRS tax return. Kung ang kita mo ay mas mataas sa partikular na limitasyon, magbabayad ka ng IRMAA bilang dagdag sa premium ng plano mo.

Kung ang katayuan mo sa pag-file at taunang kita sa 2023 ay

Individual Tax Return	Joint Tax Return	May-asawa at Hiwalay na Tax Return	Babayaran Mo Bawat Buwan (sa 2024)
\$106,000 o mas mababa	\$212,000 o mas mababa	\$106,000 o mas mababa	Iyong Plan Premium
Mas mataas sa \$106,000 hanggang sa \$133,000	Mas mataas sa \$212,000 hanggang sa \$266,000	Hindi angkop	\$13.70 + Iyong Plan Premium
Mas mataas sa \$133,000 hanggang sa \$167,000	Mas mataas sa \$266,000 hanggang sa \$334,000	Hindi angkop	\$35.30 + Iyong Plan Premium
Mas mataas sa \$167,000 hanggang sa \$200,000	Mas mataas sa \$334,000 hanggang sa \$400,000	Hindi angkop	\$57.00 + Iyong Plan Premium
Mas mataas sa \$200,000 at mas mababa sa \$500,000	Mas mataas sa \$400,000 at mas mababa sa \$750,000	Mas mataas sa \$106,000 at mas mababa sa \$394,000	\$78.60 + Iyong Plan Premium
\$500,000 o mas mataas	\$750,000 o mas mataas	\$394,000 o mas mataas	\$85.80 + Iyong Plan Premium